

# Iwasan ang hindi makatarungang mga gawi sa negosyo

Isang factsheet sa iyong mga karapatan sa pamimili sa ilalim ng Batas sa Consumer sa Australia o Australian Consumer Law

Bilang isang consumer, ikaw ay protektado laban sa hindi makatarungang mga gawi ng mga negosyo.

## Nakakalinlang o madayang ugali

Ang nakakalinlang o madayang ugali ay nauugnay sa mga advertisement, promosyon, quote, pahayag at pagkatawan na lumilikha ng nakakalinlang na impresyon sa karamihan ng mga consumer tungkol sa presyo, halaga o kalidad ng mga produkto o serbisyo ng consumer.

### Katahimikan

Maaaring labagin ng isang negosyo ang batas kung hindi ito nagbabahagi ng mahalagang impormasyon tungkol sa produkto o serbisyo.

*Halimbawa, kung alam ng salesperson na nakatira ang isang consumer na bumibili ng mobile phone sa lugar na limitado o walang saklaw ng mobile, at hindi sinabi sa kanya, ang salesperson ay nagpakita ng nakakalinlang o madayangng ugali.*

### Mga hula/ opinyon

Ang mga pangako, opinyon at mga hula ay maaaring nakakalinlang o madaya kung ang alam ng taong gumagawa ng pahayag na hindi ito totoo, walang pakialam kung totoo o hindi, at/o walang mga makatwirang dahilan sa paggawa nito.

### Mga pagwawaksi at maliit na print

Hindi maaaring umasa ang isang negosyo sa maliit na print bilang katwiran sa panlilinlang o pandaraya sa iyo. Anumang mga mahalagang katotohanan ay dapat na malinaw at kita-kitang naka-display.

## Hindi totoo o nakakalinlang na mga pagkatawan

Ang isang negosyo ay hindi maaaring gumawa ng hindi totoo o nakakalinlang na mga pagkatawan tungkol sa mga produkto o serbisyo tungkol sa:

- presyo o halaga, pamantayan, edad, lugar na pinagmulan, kalidad o antas
- estilo ng pagkakagawa, modelo o kasaysayan ng mga produkto
- mga pahayag mula sa mga taong bumibili o gumagamit ng mga ito
- pagiging available ng mga pasilidad o spare part sa pagkukumpuni
- ang pagiging sponsor, pag-apruba, mga katangian ng pagganap, mga aksesorya o pakinabang ng gamit

- pangangailangan sa mga ito ng bibili
- anumang garantiya, warranty o kundisyon sa mga ito.

Ilegal rin para sa negosyo na mag-alok ng mga rebate, regalo o premyo nang walang intensyong ibigay ang mga ito, o hindi binibigay ang mga ito tulad ng inaalok ito.

### Bitag na anunsyo

Hindi maaaring mag-anunsyo ang negosyo ng mga produkto o serbisyo sa presyong may diskwento kung wala itong makatwirang supply upang bumili ang mga consumer.

*Halimbawa, ang isang electronics retailer ay nagpapatakbo ng isang malaking kampanya ng advertising para sa 42 inch na mga telebisyon sa isang may diskwentong presyo, para sa sale sa buong linggo. Karaniwang nakakabenta ang retailer nang humigit kumulang na 20 ng ganitong mga telebisyon sa isang linggo, kahit na sa buong presyo. Gayunpaman, para sa linggo ng kampanya, mayroon lamang dalawang telebisyon na stock ang retailer at tumatangging mag-order ng telebisyon para sa consumer sa presyong may diskwento.*

Maaari itong ituring na bitag na advertising dahil nagpapatakbo ang retailer ng isang advertisement na malamang na maghimok ng mga consumer na pumunta sa tindahan, ngunit walang sapat na mga telebisyon upang matugunan ang inaasahang pangangailangan.

### Maling pagtanggap ng kabayaran

Hindi maaaring tumanggap ang negosyo ng kabayaran para sa mga produkto o serbisyo kung hindi nila nilalayong i-supply ang mga ito, o kung hindi nila maisusuplay ang mga ito sa isang napapanahong paraan.

*Halimbawa, sumang-ayon ang landscaper na magbigay ng yellow paving stones at tumanggap ng kabayaran, na alam na ang grey paving stones lamang ang available.*

### Bansang pinagmulan ng mga produkto

Hindi maaaring gumawa ng mali o nakakalinlangna mga claimang isang negosyo tungkol sa kung ang mga produkto ay gawa, binuo o pinatubo sa isang partikular na bansa.

Kabilang dito ang:

- 'gawa sa' o 'nilikha sa' isang partikular na bansa
- 'ani ng', 'produkto ng' o 'ginawa sa' sa isang partikular na bansa

## Factsheet

- paggamit ng logo, halimbawa logo na 'Gawa sa Australia'
- pagsasabi na ang mga produkto, o mga sangkap o mga bahagi, ay 'pinatubo sa' isang partikular na bansa.

*Halimbawa, kung sinasabi sa packaging ng produkto na ito ay 'Gawa sa Australia' ibig sabihin na ang lahat ng mga mahahalagang sangkap ng produktong iyon, at ang produksyon o pagmamanupaktura ng produkto, ay dapat naganap sa Australia.*

### Maramihang Pagpepresyo

Ang maramihang pagpepresyo ay kapag nagpakita ang isang negosyo ng isang item na may higit pa sa isang presyo. Halimbawa, ang presyo sa istante ay maaaring iba sa isang naka-advertise sa katalogo. Kung mangyari ito, kailangang ibenta ng negosyo ang item sa mas mababang presyo o alisin ang mga produkto sa pagbebenta hanggang maitama ang pagkakamali sa presyo.

### Iisang Pagpepresyo

Ang isang negosyo ay hindi pinapayagang mag-promote o magpahayag ng presyo na bahagi lamang ng gastos, maliban kung kitang-kita rin ang pag-a-advertise ng kabuuang presyo.

*Halimbawa, ang isang advertisement sa katalogo para sa isang lounge suite ay nagpapahayag ng halagang "6 na madaling mga pagbabayad ng \$300". Ipinapakita ang kabuuang presyo na \$1800, ngunit nasa maliit na print sa ibaba ng advertisement at ito ay natatakpan ng larawan ng lounge. Ang iisang presyo na \$1800 ay hindi parehong kitang-kita ng \$300 at samakatuwid ay malayong maging legal.*

## Ano ang madayang ugali?

Ang madayang ugali ay isang pagpapahayag o pagkilos na napakawalang katwiran na sinusuwat nito ang mahusay na konsensya.

Kabilang sa mga halimbawa ng madayang ugali ay ang negosyo na:

- hindi nagpapaliwanag nang maayos ang kontrata sa consumer na alam nilang hindi nagsasalita ng Ingles
- naghikayat sa tao na pumirma sa blangko o sobrang hindi maganda kontrata
- nagsasamantala sa mga kalagayan ng isang consumer, tulad ng isang malayong lokasyon,
- gumagaamit ng mga labis na nakakagipit na diskarte tulad ng pagtanggap sa sagot na hindi.

0285FT 2012

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnay sa iyong lokal na ahensya sa pagprotektang sa consumer. Para sa tulong sa wika tumawag sa 13 14 50 (humiling ng isang interpreter sa iyong wika).

#### Australian Capital Territory

Office of Regulatory Services T. (02) 6207 0400

#### New South Wales

NSW Fair Trading T. 13 32 20

#### Northern Territory

Consumer Affairs T. 1800 019 319

#### Queensland

Office of Fair Trading T. 13 QGOV (13 74 68)

#### South Australia

Consumer & Business Services T. 13 18 82

#### Tasmania

Office of Consumer Affairs & Fair Trading T. 1300 654 499

#### Victoria

Consumer Affairs Victoria T. 1300 55 81 81

#### Western Australia

Department of Commerce T. 1300 30 40 54

Ang Australian Competition and Consumer Commission ay may pambansang responsibilidad para sa kumpetisyon, patas na pagkalakal at proteksyon ng consumer at maaaring makipag-ugnay sa 1300 302 502.